Colors, Future!
いろいろって、未来。
川崎市

# Ika-69 na Isyu ng Newsletter ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki


Pinamatnugan at inilathala ng: Multicultural Promotion Section, Citizens' Affairs Department, Citizens' and Cultural Affairs Bureau, Agosto 31, 2020

(Wikang Hapon) http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0-0.html
(Wikang Hapon na madaling maintindihan) http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html

## Pagsimula ng ika-13 Termino ng Kinatawan ng mga Dayuhan

Noong ika-21 ng Hunyo, Linggo, ay ginanap ang unang pagpupulong ng ika-13 termino ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki. Ito ay ginawa sa Kawasaki International Center.

Sa ika-13 termino, mula sa mahigit na 200 aplikante, napili ang 26 na katao na galling sa 19 bansa. Sa ikaunang meeting, nagpakilala ng sarili at ng mga nais na pag-usapan sa mga susunod na meeting. Napili bilang tagapangulo si Lahiru Sanketha Perera (Sri Lanka), at pangalawang-pinuno si Liang Zhang (China). Inyong asahan na ang mga bagong miyembro ay magsisikap upang gawing mas mabuting lugar ang lungsod ng Kawasaki.



## Nais mo bang making ng Pagpupulong?

—— Iskedyul ng meeting para sa 2020——

Lugar: Kawasaki International Center (10 minuto na lakad mula sa istasyon ng Motosumiyoshi, Tokyu Toyoko Line/Meguro Line)

Mapa: http://www.kian.or.jp/accessmap.shtml

Oras: mula 2pm hanggang 5pm

| | | |
|---|---|---|
| Ika-2 miting | Unang Araw | Setyembre 13, 2020 (Linggo) |
| | Ikalawang Araw | Oktubre 18, 2020 (Linggo) |
| Ika-3 miting | Unang Araw | Nobyembre 15, 2020 (Linggo) |
| | Ikalawang Araw | Disyembre 13, 2020 (Linggo) |
| Ika-4 na miting | Unang Araw | Enero 17, 2021 (Linggo) |
| | Ikalawang Araw | Pebrero 21, 2021 (Linggo) |

Ang pagpupulong ay pwedeng daluhan ng kahit sinuman. Halina at makibahagi sa pagpupulong!

# Pagpapakilala ng Kinatawan ng Ika-13

Sa loob ng dalawang taon, bilang kinatawan ng mga dayuhang naninirahan sa Kawasaki, aming pag-aaralan ang iba't-ibang problemang hinaharap ng mga dayuhan sa lungsod. Aming hinahangad ang inyong suporta.

1. Pangalan
2. Nasyonalidad o Rehiyon
3. Pakiramdam nang naging Kinatawan, nais na pag-usapan sa pulong

Tagapangulo



1. **Lahiru Sanketha Perera**
2. Sri Lanka
3. Masaya ako at napili bilang Kinatawan ngunit akin ding nararamdaman na malaking responsibilidad ito. Nais kong pagdiskusyonan ang pag-gawa ng komyunidad na maluwag na makatatanggap ng dayuhan, pati rin ang tungkol sa pag-aaral at problema sa pag-aalaga ng bata.

Pangalawang Pinuno



1. **Liang Zhang**
2. China
3. Masaya ako at napili bilang Kinatawan. Nais kong makatulong sa pag-gawa ng Kawasaki bilang mabuting tirahan para sa Japanese at mga dayuhan.



1. **Warman Aditya**
2. Indonesia
3. Masaya ako at naging Kinatawan. Para sa akin, ang kultura at pamumuhay ay nag-iiba depende sa pinanggalingan, ngunit lahat ay nagnanais na mabuhay nang maayos.



1. **Yee Mon Thant Khine**
2. Myanmar
3. Ikinararangal ko na mapili bilang Kinatawan. Ninanais ko na gamit ang kasiyahan at karanasan ko, ay makatulong ako sa pag-gawa ng komyunidad na mabuting makakapagsama ang Japanese at mga dayuhan.



1. **Hai Hua Jin**
2. China
3. Habang natututo, nais kong makipagdiskusyon kasama ang ibang Kinatawan.



1. **Thi Thu Trang Nguyen**
2. Vietnam
3. Gamit ang responsibilidad na ito, nais kong magbigay ng ideya kasama ang ibang Kinatawan. Gamit ang karanasan sa matagal na pamumuhay sa Japan, nais kong pag-isipan ang koneksyon ng dayuhan at mga Japanese.



1. **Nontticha Kodama**
2. Thailand
3. Gamit ang karanasan noong nakaraang termino, nais kong magbigay ng planong makakatulong sa iba. Nais kong makagawa ng komyunidad kung saan ang dayuhang ina ay madaling makakapagpalaki ng bata habang nagtratrabaho.



1. **Chenglong Xu**
2. China
3. Gamit ang karanasan noong ika-12 termino, nais kong magbigay ng mga ideya upang makatulong sa pag-gawa ng lugar na mas madaling tirahan. Nais kong gumawa ng panukala na mas madaling ipatupad. Sana ay makatulong ako sa pagbigay ng masayang pananatili para sa maraming mga dayuhang naninirahan sa Japan.



1. **Bhaskar Bahadur Singh**
2. Nepal
3. Ako ay maligaya at naging bahagi ng Kinatawan. Nais kong ipahayag ang mga napansin ko bilang dayuhang naninirahan sa Japan.



1. **Srinivasan Sucheta**
2. India
3. Masaya ako at nagging Kinatawan. Nais kong magsikap upang matulungan ang mga nangangailangan.



1. **Stephen Bolger**
2. Australia
3. Kinakabahan ako dahil unang beses ko maging Kinatawan. Magsisikap akong maisabahagi ang opinyon gamit ang wikang Hapon. Nais kong magbigay ng ideyang pang-PR upang mas mapaganda ang imahe ng Kawasaki/



1. **Eunee Ji**
2. Korea
3. Bilang kinatawan ng mga dayuhan sa Kawasaki, nais kong makatulong sa pag-gawa ng komyunidad na madaling tirahan ng mga dayuhan.



1. **Kyawt Kyawt Khine**
2. Myanmar
3. Masaya ako at muli akong napili bilang Kinatawan. Nais kong pag-usapan ang kalusugan at kalinisan upang magkaroon ang mga tao ng tamang kaalaman ukol sa pagkalat ng Corona virus.



1. **Arianne Dumayas**
2. Philippines
3. Masaya ako at napili bilang Kinatawan. Nais kong tumulong sa pagiging multi-kultural ng Kawasaki. Nais kong pag-usapan ang pagtulong sa mga dayuhan sa oras ng kalamidad.



1. **Artem Batenev**
2. Russia
3. Masaya ako at napili bilang Kinatawan. Nais kong makagawa ng mabuti para sa komyunidad. Pag-iisipan ko pa ang tema, ngunit nais ko ring makatulong sa pangkalahatang administrasyon ng pagpupulong.



1. **Uzzwal Kumar Paul**
2. Bangladesh
3. Masaya ako at napili bilang Kinatawan. Nais kong pag-usapan ang pagpapabuti ng paninirahan sa lungsod.



1. **Miguel Angel Pozo**
2. Bolivia
3. Ako ay lubos na nagpapasalamat sa pagkakataong makisali sa mga Kinatawan. Nais kong pag-usapan kung ano ang mga magagawa natin para sa pag-aaral ng mga bata, sa problema sa trabaho, at sa pagpapabuti ng komyunidad.



1. **Kiyomi Maeda**
2. Korea
3. Isang karangalan ang mapili bilang Kinatawan ng ika-13 termino. Gamit ang karanasan noong nakaraang termino, nais kong magbigay ng madaming ideya para sa pagpapatupad ng panukala.



1. **Aiman Arif Muhammad**
2. Malaysia
3. Nagpapasalamat ako at napili bilang Kinatawan. Gamit ang oportunidad na ito, nais kong tumulong sa mga dayuhang kailangan ng tulong. Nais kong pag-usapan kung paano gagawing mas mabuting lugar ang lungsod.



1. **Marcin Judek**
2. Poland
3. Masaya ako sa oportunidad na maipabuti ang relasyon ng Japanese at mga dayuhan. Nais kong makatulong sa pag-gawa ng komyunindad na madaling tirahan ng mga dayuhan.



1. **Ji Ha Yun**
2. Korea
3. Isang malaking responsibilidad ang aking nararamdaman bilang Kinatawan. Nais kong makagawa nang mabuti sa aktibidad na ito. Nais kong pag-usapan ang pagpapalaki ng bata ng mga dayuhang naninirahan sa Kawasaki (kalusugan, pag-aaral, pakikilahok, atbp)



1. **Huanhuan Li**
2. China
3. Masaya ako at napili bilang kinatawan at pwedeng makilahok sa mga taong galling sa ibang bansa. Nais kong pag-usapan ang pagpapabuti ng lungsod at pagkakaintindihan ng mga Japanese at mga dayuhan.



1. **Ailing Liu**
2. Taiwan
3. Nais kong gamitin ang karanasan ko noong nakaraang termino upang makipagtalakayan sa bagong miyembro at gumawa ng bagong ideya. Nais kong pag-usapan ang pagpapalaki ng bata.



1. **Kevin Laverman**
2. United States
3. Nais kong mag magawa para sa Lungsod ng Kawasaki, na aking itinuturing na ikalawang tahanan. Nais kong magsumikap kasama ang maraming tao upang magustuhan at mamuhay ng Mabuti ang mga dayuhan sa Kawasaki. Nais kong magbigay ng idea para sa local na aktibidad at multi-kultural na pagsasamahan.



1. **Elena Wada**
2. Russia
3. Masaya akong napili bilang kinatawan. Nais kong gawin ang aking makakaya upang gumawa ng mas mabuting komyunidad gamit ang pakikipag-usap at nakikinig sa opinion ng mga taong nagmula sa iba't ibang bansa



1. **Marie Catherine Ndiaye**
2. Senegal
3. Nagpapasalamat ako at napili bilang kinatawan. Nais kong magsumikap upang pag-usapan at malaman ang mga isyung hinaharap ng mga dayuhan.

# Ulat ukol sa Survey ng Sitwasyon ng Dayuhan sa Kawasaki (2019)

Ang resulta ng survey na isinagawa noong 2019 ay ibinuod na bilang isang ulat. Ang survey na ito ay upang maintindihan at maaksyonan ang kamalayan, sitwasyon, at pangangailangan ng mga dayuhang naninirahan sa lungsod ng Kawasaki.

Sa survey na ito, itinanong ang tungkol sa: pang-araw-araw na pamumuhay, medikal/insurance, pag-aalaga ng bata o pagtuturo, paglahok sa lokal na aktibidad, trabaho, at tugon na administrasyon.

Maliban sa wikang Hapon, ang survey ay mayroong translation sa wikang Ingles, Chinese (simpleng character at pang-tradisyonal), Korean, Portuges, Espanyol, Tagalog, Vietnamese, at Thai. Ang mga target ng survey ay random na napiling dayuhang naninirahan sa Kawasaki na may edad 18 taon pataas. Sa 5,000 katao na napili at pinadalhan ng survey, ang sumagot ay 1,085 na katao (21.7% na pagsagot).

◤ Ang ulat at summary ay pwedeng tingnan sa:
http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000116810.html

## Pag-ulat sa Alkalde ng Panukala at mga Gawain sa taong 2019 ng Ika-12 Termino

Noong ika-17 ng Abril (Biyernes), inulat sa alcalde na si Norihiko Fukuda ang Panukala ng ika-12 Termino at mga aktibidad nito sa taong 2019. Dahil sa Pahayag na Pang-emergency na dulot ng Corona Virus, ang pag-uulat ay isinagawa ng sekretarya.

## Paghiling ng Kooperasyon para sa Pambansang Census



Magsasagawa ng senso upang suriin ang populasyon, edad, trabaho, atbp ng mga naninirahan sa Japan (kabilang ang mga dayuhan) ng Oktubre 1.

Mula Setyembre 13 (Lunes), ang researcher para sa senso ay bibisata sa inyong tahanan upang ibigay ang ID para sa pagsagot sa Internet at ang papel para sa mga tanong. Para sa mga kayang sumagot gamit ang internet, pakisagutan ito mula Setyembre 14 (Lunes) hanggang Oktubre 7 (Miyerkules). May 7 wikang pwedeng gamitin: Japanese, Ingles, Chinese, Korean, Portuges, Espanyol, at Vietnamese.

Para sa mga hindi makakasagot gamit ang internet, magbibigay kami ng papel na may translation, maaaring makipag-ugnay sa inyong ward office o malapit na branch office. Ang deadline sa pagsagot sa papel ay Oktubre 7 (Miyerkules).

Ang sagot sa census ay hindi ipapakita sa immigration o sa pulis. Aming hinihingi ang inyong kooperasyon.

国勢調査2020

Para sa tanong: General Affairs Planning, Statistics Information Division, Kawasaki
Tel 044-200-2070

**Para sa tanong**
Kawasaki City Multicultural Promotion Section, Citizens' Affairs Department, Citizens' and Cultural Affairs Bureau
9th Floor Frontier Building Ekimae-Honcho 11-2, Kawasaki-ku Kawasaki City 210-0007
Tel : 044-200-2846 Fax : 044-200-3707 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp
Ikinalulugod naming tanggapin ang inyong mga ideya at mungkahi ukol sa Newsletter at Pulong ng mga Kinatawan

Ang papel na ito ay gawa sa lumang papel na may 70% pulp.

R70
古紙パルプ配合率70%再生紙を使用